

# PATNUBAY SA MISA

27 Setyembre 2020

Ika-26 na Linggo sa Karaniwang Panahon

Taon A

## PAMBANSANG ARAW NG MGA MANDARAGAT

# ANG PAGTALIMA SA KALOOBAN NG DIYOS SA KILOS AT HINDI LAMANG SA SALITA

**T**ayo ay nagdiriwang ng *Ikadalawampu't Anim na Linggo sa Karaniwang Panahon*. Sa ating Pangatang Makabayan ay sinasabi nating tayo ay magiging mga ulirang mamamayan ng Pilipinas sa isip, sa salita, at sa gawa. Ang lahat ng panata ay walang saysay hanggang hindi ito naisasalin sa kilos. Ang turo nga ng Panginoong Hesus ay ito: “Hindi lahat ng tumatawag sa akin, ‘Panginoon, Panginoon,’ ay papasok sa kaharian ng langit, kundi yaon lamang sumusunod sa kalooban ng aking Amang nasa langit.” (Mateo 7:21) May kasabihan ngang ang salita ay lumilipad sa kawalan. Ito ay dahil ang salita ay tunog lamang na hindi nagtatagal at madaling nawawaglit sa isipan.

Hindi ganoon ang Salita ng Diyos. Ang sabi nga sa unang aklat ng Banal na Biblia ay ito: “Sinabi ng Diyos . . . at nagkaroon nga.” (Genesis 1:3) Nagkakatotoo at talagang nagaganap ang anumang sabihin ng Diyos. Ang kapitang Romano ay matibay ang pananampalataya sa salita ni Hesus. Sinabi niya: “Magsalita po lamang kayo at gagaling na ang aking alipin.” (Lucas 7:7) Ganoon kabisa ang salita ni Hesus kaya, “Pagbabalik sa bahay, naratnan ng mga sinugo na magaling na ang alipin.” (Lucas 7:10) Hindi masama ang salita. Ang mahalaga lamang ay ang kakayahang pangatawanan ito. Tulungan sana tayo sa ating pagdiriwang na maisalin sa kilos ang lahat ng ating ipinangako sa Diyos.



## PASIMULA



### Pambungad

(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

Lahat ng iyong ginanap ay makatarungang lahat, yamang kami'y sumalungat, parusa'y'yong inilapat. Hiling namin ay patawad.

### Pagbati

**P** –Ang pagpapala ng ating Panginoong Hesuskristo, ang Salita ng Diyos na nagkatawang-tao, ang pag-ibig ng Diyos Ama, at ang pakikipagkaisa ng Espiritu Santo ay sumainyong lahat!

**B** –At sumaiyo rin!

### Pagsisisi

**P** –Tayo ay binigyan ng Diyos

ng kakayahang magsalita para sa pagpapahayag ng Magandang Balita ng kaligtasan. Subalit madalas ay hindi ito naisasalin sa kilos. Humingi tayo ng tawad para sa ating mga salitang nawalan ng kabuluhan dahil hindi naisalin sa kilos. (Manahimik saglit.)

**P** –Para sa aming pananampalatayang nagkulang ng tiwala sa bisa ng iyong makapangyarihang salita, Panginoon, kaawaan mo kami!

**B** –Panginoon, kaawaan mo kami!

**P** –Para sa aming pag-asang napagod nang magtiwala sa katuparan ng iyong ipinangakong kaayusan ng aming buhay at kaligtasang walang hanggan, Kristo, kaawaan mo kami!

**B** –Kristo, kaawaan mo kami!

**P** –Para sa aming pag-ibig na nanlamig na at nauwi na lamang sa salitang walang katuwang na gawa, Panginoon, kaawaan mo kami!

**B** –Panginoon, kaawaan mo kami!

**P** –Kaawaan tayo ng makapangyarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga sala, at patnubayan tayo sa buhay na walang hanggan.

**B** – Amen!

### Papuri

**B** – Papuri sa Diyos sa kaitaan at sa lupa'y kapayapaan sa mga taong kinalulugdan niya. Pinupuri ka namin, dinarangal ka namin, sinasamba ka namin, ipinagbubunyi ka namin, pinasasalamat ka namin dahil sa dakila mong angking kapurihan. Panginoong

Diyos, Hari ng langit, Diyos Amang makapangyarihan sa lahat.

Panginoong Hesukristo, Bugtong na Anak, Panginoong Diyos, Kordero ng Diyos, Anak ng Ama. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, tanggapin mo ang aming kahilingan. Ikaw na naluluklok sa kanan ng Ama, maawa ka sa amin. Sapagkat ikaw lamang ang banal, ikaw lamang ang Panginoon, ikaw lamang, O Hesukristo, ang Kataas-taasan, kasama ng Espiritu Santo sa kadakilaan ng Diyos Ama. Amen!

### Panalanging Pambungad

**P** –Ama naming makapangyarihan, ang iyong pinakadakilang magagawa ay magpatawad at ang iyong laging ipinakikita ay pagkahabag. Padaluyin mo sa aming walang humpay ang kagandahang-loob mong sa ami’y inilaan upang sa pagkakamit namin sa pangako mong bigay kami’y gawin mong kasalo sa ipagkakaloob mo sa kalangitan sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

**B**–Amen!

### PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS



### Unang Pagbasa Ez 18:25-28

*Tinuturuan ni Propeta Ezekiel ang mga taong na sa pagsasabuhay ng pasyang magbagong-buhay ang kaligtasan. Ang kabutihang bunga ng pangakong magbago ay ang kilos na siyang gagantimpalaan ng Diyos.*

**L** –Pagpapahayag mula sa Aklat ni Propeta Ezekiel

**Ito ang sinasabi ng Panginoon:** “Marahil ay sasabihin ninyong hindi tama itong ginagawa ko. Makinig kayo, mga Israelita: Matuwid ang aking tuntunin, ang pamantayan ninyo ang baluktot.

Kapag ang isang taong matuwid ay nagpakasama, mamamatay siya dahil sa kasamaang ginawa niya. At ang masamang nagpakabuti at gumawa ng mga bagay na matuwid ay mabubuhay. Dahil sa pagtalikod sa nagawa niyang kasamaan noong una,

mabubuhay siya, hindi mamamatay.”


Ang Salita ng Diyos!

**B** –Salamat sa Diyos!

### Salmong Tugunan Awit 24

**B** –Poon, iyong gunitain, wagas mong pag-ibig sa ‘kin!

R. M. Velez



\* Ang kalooban mo’y ituro, O Diyos, ituro mo sana sa aba mong lingkod; ayon sa matuwid, ako ay turuan, ituro mo Poon, ang katotohanan; tagapagligtas ko na inaasahan. **B.**

\* Poon, gunitain, pag-ibig mong wagas, at ang kabutihang noon pa’y nahayag. Patawarin ako sa pagkakasala, sa kamalian ko nang ako’y bata pa; pagkat pag-ibig mo’y hindi nagmamaliw, ako sana, Poon, ay alalahanin! **B.**

\* Mabuti ang Poon at makatarungan, sa mga salari’y guro at patnubay; sa mababang-loob siya yalong gabay, at nagtuturo ng kanyang kalooban. **B.**

### Ikalawang Pagbasa Fil 2:1-11

*Ang awit na ito sa Liham ni San Pablo sa mga taga-Filipos ay nagpupuri sa kababaang-loob ni Kristo Hesus. May dalawang yugto ang kanyang pagpapakumbaba. Ang una ay ang kanyang pagkakatawang-tao kung saan hinubad niya ang kanyang pagka-Diyos. Ang ikalawa ay ang kanyang pagiging masunurin hanggang kamatayan sa krus. Maikintal nawa sa ating mga damdamin ang paghahangad sa ganitong uri ng kababaang-loob.*

**L** –Pagpapahayag mula sa Sulat ni Apostol San Pablo sa mga taga-Filipos

**Mga kapatid:** Nagbibigay ba sa inyo ng kasiglahan ang buhay na nakaugnay kay Kristo? Naaaliw ba kayo ng kanyang pag-ibig? May pagkakaisa ba kayo sa Espiritu Santo? Kayo ba’y may nadaramang hangarin na tumulong sa iba? Kung

gayon, lubusin ninyo ang aking kagalakan – maghari sa inyo ang pagkakasundo, mabuklod kayo ng iisang pag-ibig at maging isa kayo sa puso’t diwa. Huwag kayong gagawa ng anumang bagay dahil lamang sa hangad ninyong matanyag, bagkus magpakababa kayo at huwag ipalagay na kayo’y mabuti kaysa iba. Ipagmalasakit ninyo ang kapakanan ng iba, hindi lamang ang sa inyong sarili.

Magpakababa kayo tulad ni Kristo Hesus: Na bagama’t siya’y Diyos, hindi nagpilit na manatiling kapantay ng Diyos, bagkus hinubad niya ang lahat ng katangian ng pagka-Diyos, nagkatawang-tao at namuhay na isang alipin. Nang maging tao, siya’y nagpakababa at naging masunurin hanggang kamatayan, oo, hanggang kamatayan sa krus.

Kaya naman, siya’y itinampok ng Diyos at binigyan ng pangalang higit sa lahat ng pangalan. Anupa’t ang lahat ng nilalang na nasa langit, nasa lupa, at nasa ilalim ng lupa ay maninikluhod at sasamba sa kanya.

At ipapahayag ng lahat na si HESUKRISTO ANG PANGINOON, sa ikararangal ng Diyos Ama!

Ang Salita ng Diyos!

**B** –Salamat sa Diyos!

### Aleluya

Jn 10:27

**B** –Aleluya! Aleluya!

Ang tinig ko’y pakikinggan ng kabilang sa ‘king kawan; ako’y kanilang susundan. Aleluya! Aleluya!

### Mabuting Balita Mt 21:28-32

*Sa talinghaga ng dalawang magkapatid ay makikitang ang pagtalima sa kalooban ng Ama ay nasa kilos at hindi lamang sa salita. Madaling magsalita ngunit talagang mahirap gumawa. Tulungan nawa tayo ng ating Eukaristiyang maging mga anak ng Diyos sa kilos at hindi lamang sa salita.*

**P** –Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Mateo

**B** –Papuri sa iyo, Panginoon!

Noong panahong iyon, sinabi ni Hesus sa mga punong saserdote at mga matatanda ng bayan: “Ano ang palagay ninyo rito? May isang tao na may dalawang anak na lalaki. Lumapit siya sa nakatatanda at sinabi, ‘Anak, lumabas ka at magtrabaho sa ubasan ngayon.’ ‘Ayoko po,’ tugon niya. Ngunit nagbago ang kanyang

isip at siya'y naparoon. Lumapit din ang ama sa ikalawa at gayundin ang kanyang sinabi. 'Opo,' tugon nito, ngunit hindi naman naparoon.

Sino sa dalawa ang sumunod sa kalooban ng kanyang ama?" "Ang nakatatanda po," sagot nila. Sinabi sa kanila ni Hesus, "Sinabiko sa inyo: ang mga publikano at masasamang babae'y nauuna pa sa inyong pasakop sa paghahari ng Diyos. Sapagkat naparito sa inyo si Juan at ipinakilala ang matuwid na pamumuhay, at hindi ninyo siya pina-niwalaan. Ngunit pinaniwalaan siya ng mga publikano at ng masasamang babae. Nakita ninyo ito, subalit hindi pa rin kayo nagsisi at naniwala sa kanya."

Ang Mabuting Balita ng Panginoon!

**B – Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo!**

### Homiliya

#### Sumasampalataya

**B**– Sumasampalataya ako sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat, na may gawa ng langit at lupa.

Sumasampalataya ako kay Hesukristo, iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat. Nagkawang-tao siya lalang ng Espiritu Santo, ipinanganak ni Santa Mariang Birhen. Pinagpakasakit ni Poncio Pilato, ipinako sa krus, namatay, inilibing. Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao. Nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli. Umakyat sa langit. Naluluklok sa kanan ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Doon magmumulang paririto at huhukom sa nangabubuhay at nangamatay na tao.

Sumasampalataya naman ako sa Diyos Espiritu Santo, sa banal na Simbahang Katolika, sa kasamahan ng mga banal, sa kapatawaran ng mga kasalanan, sa pagkabuhay na muli ng nangamatay na tao at sa buhay na walang hanggan. Amen!

#### Panalangin ng Bayan

**P** –Hingin natin sa Diyos na kayanin nating isalin sa kilos ang ating mga salitang binitawan sa Kanya. Para sa bawat kahilingan ang ating itutugon ay:

**B**–Amang nagpapatibay ng loob, dinggin Mo ang aming

#### panalangin!

\* Para sa mga namumuno sa Simbahan, upang maisabuhay nila ang kanilang mga panata sa Diyos na kanilang binitawan sa araw na naitalaga sila sa paglilingkod sa Bayan ng Diyos, manalangin tayo sa Panginoon! **B.**

\* Para sa mga namumuno sa ating bansa, lalo na sa panahong ito ng *Covid-19 pandemic*, upang ang kanilang mga sinumpaang pagtatalaga sa kanila sa kanilang tungkulin sa bayan ay maisalin nila sa gawa para sa ikapapanuto ng tanan, manalangin tayo sa Panginoon! **B.**

\* Para sa lahat ng mga gumagawa sa ating mga pagamutan at nagsisikap na sugpuin ang pagkalat ng *Covid-19 pandemic*, at para na rin sa mga kawani ng pamahalaang nagpapanatili ng kaayusan sa ating lipunan, upang palakasin ng Espiritung Banal ang kanilang mga loob sa pagtupad sa kanilang mga sinumpaang para sa ikabubuti ng bayan at ng sangkatauhan, manalangin tayo sa Panginoon! **B.**

\* Para sa ating lahat na mga Kristiyano, upang sa Taong ito ng Ekumenismo ay ating maipatupad sa kilos ang mga simulain at pagtuturo ng Ikalawang Konsilyo Vaticano para sa panunumbalik ng pagkakaisa sa Simbahan, manalangin tayo sa Panginoon! **B.**

\* Para sa lahat ng mga tumutulong sa mga mandaragat sa buong mundo upang maging laging handa silang maglilingkod para sa ikabubuti ng lahat, manalangin tayo sa Panginoon! **B.**

\* Para sa ating lahat na nanalangin sa Linggong ito, upang malampasan natin ang magagandang salita lamang na hindi naman namamalas sa ating pakikitungo sa Diyos at sa kapwa, manalangin tayo sa Panginoon! **B.**

\* Tahimik nating ipanalangin ang ating mga sariling kahilingan. (*Tumigil saglit.*)

Manalangin tayo! **B.**

**P** –Ama naming nagdadala ng tibay ng loob, isugo Mo sa amin ang Iyong Espiritung Banal upang lumakas ang aming pagsisikap

na maisabuhay ang lahat ng aming sinumpaang ipinangako sa iyo. Nawa'y mapasa amin ang kaligtasang Iyong inihanda para sa Iyong mga anak na tumatalima at nagsasabuhay ng Iyong kalooban. Hinihiling namin ito sa pamamagitan ng Iyong Anak na si Hesukristong aming Panginoon.

**B – Amen!**



**P** –Manalangin kayo . . .

**B** –Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan, sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.

#### Panalangin ukol sa mga Alay

**P** –Ama naming Lumikha, loobin mong ikalugod ang aming paghahandog at ito nawa ay siyang magkaloob ng iyong pagpapalang sa ami'y umaagos sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

**B – Amen!**

#### Prepasyo VII

**P** –Sumainyo ang Panginoon!

**B** – At sumaiyo rin!

**P** –Itaas sa Diyos ang inyong puso at diwa!

**B** – Itinaas na namin sa Panginoon!

**P** –Palamatan natin ang Panginoong ating Diyos!

**B** –Marapat na siya ay pasalamatan!

**P** –Ama naming makapangyarihan, tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamatan.

Kahit na ikaw ay pinagtaksilan ng sangkatauhan, ikaw ay patuloy pa rin sa iyong pagmamahal. Ikaw na ang nagpuno sa aming pagkukulang; ikaw pa rin ang nagsugo ng tutubos sa tanan. Ang sugo mong Anak ay naging di na iba sa amin bagama't di niya tinalaran ang aming pagkamasuwayin. Nilooob mo ito upang iyong mamalas sa aming pagkatao ang giliw mong Anak at kami'y tunggahan mong may pag-ibig na tulad ng pagtatangi mo sa kanya nang higit sa lahat. Ang katapatan niya sa iyong walang maliw ay nagpanumbalik na muli sa amin ng iyong kasiyaha't ng iyong pagtingin na aming iwinaksi noong ikaw ay aming suwayin.



Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan, kami'y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:

**B– Santo, santo, santo . . .**

### Pagbubunyi

**B –Sa krus mo at pagkabuhay kami'y natubos mong tunay, Poong Hesus naming mahal, iligtas mo kaming tanan ngayon at magpakailanman.**



**B –Ama namin . . .**

**P –Hinihiling namin . . .**

**B –Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman! Amen!**

**Paanyaya sa Kapayapaan  
Paghahati-hati sa Tinapay**

**B– Kordero ng Diyos . . .**

### Paanyaya sa Pakikinabang

**P –Ito si Hesus, ang Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging.**

**B– Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa iyo ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.**

### Antipona ng Pakikinabang

*(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)*

**Ang pangako mo sa akin ngayo'y iyong gunitain. Pag-asa kong tatanggapin kahit aba sa 'yong tingin ang pagsamo ko't dalangin.**

### Panalangin Pagkapakinabang

**P –Ama naming mapagmahal, ang aming banal na pakikinabang ay magdulot nawa ng kagalingan**

sa aming katauhan upang kami'y makatambal sa kaluwalhatian ng aming nilalahukan sa tiniis na kamatayan na amin ngayong ipinahayag sa ginanap na pagdiriwang sa pamamagitan ni Hesuskristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.  
**B – Amen!**



**P –Sumainyo ang Panginoon.**

**B –At sumaiyo rin!**

**P –Pagpalain kayo ng makapangyarihang Diyos: Ama, Anak, at Espiritu Santo.**

**B – Amen!**

**P –Humayo kayo sa kapayapaan upang bukas-palad na magsikap sa ubasan ng Panginoon.**

**B –Salamat sa Diyos!**

## Ang Pagpapaliwanag ng Turo ng Ikalawang Konsilyo Vaticano hinggil sa Ekumenismo

*(P. René T. Lagaya, SDB)*

Ang turo ng Ikalawang Konsilyo Vaticano hinggil sa Ekumenismo ay napapaloob sa Dokumentong pinamagatang **Unitatis redintegration** (Ang Panunumbalik ng Pagkakaisa) na pinagtibay noong ika-21 ng Nobyembre 1964. Ang Ikatlo at huling Kabanata nito ay may labindalawang bilang. Ang tinatalakay nito ay ang mga Simbahan at pamayanang napahiwalay sa Simbahang Katoliko. Ito ay may dalawang bahagi. Ang una ay ang kakaibang lagay ng mga Simbahan sa Silangan, at ito ay may limang bilang. Ang ikalabinlimang bilang ay nagpapahayag ng mga dakilang yaman ng mga Simbahan sa Silangan. Ang mga yamang ito ay dapat paghugutan ng mga Kristiyano sa Kanluran ng ikauunlad ng kanilang paraan ng pagsamba at ng kanilang buhay na pangkaluluwa.

**IKATLONG KABANATA: ANG MGA SIMBAHAN AT PAMA-**

### YANANG KRISTIYANONG NAPAHIWALAY SA ROMA

#### Unang Bahagi: ANG KAKAIBANG LAGAY NG MGA PAMAYANAN SA SILANGAN

“Alam ng lahat ang pagmamahal ng mga Kristiyano sa Silangan sa Banal na Pagsamba, lalo na sa Kahiwagaan ng Eukaristiya, ang bukal ng buhay ng Simbahan at ang pangako ng kaluwalhatian ng darating. Sa hiwagang ito, ang taong-bayan, kasama ng kanilang mga obispo, ay makararating sa Diyos Ama sa pamamagitan ng Anak, ang Salitang nagkatawang-tao, nagpakasakit, at niluwalhati, sa pagbubuhos ng Espiritung Banal. Kaya, ginawang ‘makahati sa kanyang kalikasan bilang Diyos’ (2 Pedro 1:4), pumapasok sila sa pakikipagkaisa sa Kabanal-banalang Trinidad. Dahil dito, sa pamamagitan ng pagdiriwang ng Eukaristiya

ng Panginoon sa bawat isang Simbahan, ang Simbahan ng Diyos ay binubuo at lumalago, at sa pamamagitan ng pagdiriwang nang magkakasama ang kanilang pagkakaisa ay namamalas.”

“Sa ganitong pagsamba, ang mga Kristiyano ng Silangan ay nagpupugay nang mataas, sa magagandang awitin ng papuri, kay Mariang laging Birhen, na ipinahayag ng Sinodo Ekumeniko ng Efeso bilang Ina ng Diyos upang si Kristo ay tunay at tamang kilalanin bilang Anak ng Diyos at Anak ng Tao, ayon sa Kasulatan. Pinagpupugayan din nila ang mga banal, at kasama nila ang mga Ama ng Simbahang pandaigdig.”

“Ang mga Simbahang ito, kahit hiwalay sa atin, ay taglay ang mga tunay na sakramento, lalo na – sa pagkahalili sa mga Apostol – ang pagpapari at ang Eukaristiya, kung saan kaugnay pa rin natin sila sa

lubhang malapit na paraan. Kaya, may ilang pagsambang sama-sama (*communicatio in sacris*), kung angkop ang mga pagkakataon at may pahintulot ng namamahala sa Simbahan, ay hindi lamang maaari kundi iminumungkahing gawin.”

“Higit pa rito, sa Silangan ay matatagpuan ang yaman ng kaugaliang pangkaluluwang ipinahahayag lalo na sa buhay ng mga monghe.

Mula pa sa panahon ng mga banal na Ama, ang buhay pangkaluluwa ng mga monghe ay yumabong sa Silangan at pagkatapos ay dumaloy sa daigdig ng Kanluran, at doon naging bukal na pinaghugutan ng buhay ng mga mongheng Latino at siyang madalas na nagdulot ng ibayong kasariwaan. Dahil dito, marubdob na iminumungkahing ang mga Katoliko ay kumuha nang higit na madalas sa yamang pangkaluluwa ng mga Ama

sa Silangan siyang nagtataas ng buong pagkatao sa pag-ninilay ng mga maka-Diyos na hiwaga.”

“Dapat malaman ng bawa’t isang napakahalagang maunawaan, pagpitaganan, pag-ingatan, at palaguin ang mayamang mana ng pagsamba at buhay-pangkaluluwa ng mga Simbahan sa Silangan, at mapangyari ang pagkakasundo ng mga Kristiyano sa Silangan at sa Kanluran.”


WORD & LIFE PUBLICATIONS

## Word & Life Periodicals go DIGITAL!



THE MULTI-AWARDED  
WORD & LIFE PERIODICALS  
ARE NOW AVAILABLE

# ONLINE

Simply go to: [www.wordandlife.org](http://www.wordandlife.org)  
to apply for your subscription and  
enjoy discounts for as low as **40%!**

### SUBSCRIBE NOW!

Our printed products are also available.  
Just contact 02-8894-5401 or 0917-6295485 for product details!






WORD & LIFE PUBLICATIONS

A. ARNAIZ AVE. COR. C. ROCES AVE. MAKATI CITY 02-8894-5401 / 09176295485 / [marketing@wordandlife.org](mailto:marketing@wordandlife.org)



WORD & LIFE  
PUBLICATIONS

Don Bosco Compound, A. Arnaiz Ave. cor. Chino Roces Ave., Makati, Metro Manila

**Postal Address:** P.O. Box 1820, MCPO, 1258 Makati, Metro Manila, Philippines

**Tel. Nos.** 8894-5401; 8894-5402; 8892-2169 • **Telefax:** 8894-5241 • **Website:** [www.wordandlife.org](http://www.wordandlife.org)

• **E-mail:** [marketing@wordandlife.org](mailto:marketing@wordandlife.org); [wordandlifepublications@gmail.com](mailto:wordandlifepublications@gmail.com) • **FB:** Word & Life Publications

• **Editorial Team:** Fr. S. Putzu, Fr. R. Lagaya, C. Valmonte, V. David, J. Domingo, A. Vergara, D. Daguio

• **Illustrations:** A. Sarmiento, B. Cleofe • **Marketing:** J. Feliciano • **Circulation:** R. Saldua